
Aralin 1 para sa ika-4 ng Hulyo, 2026




# MINISTERYO NI PABLO SA CORINTO


"At sinabi ng Panginoon kay Pablo nang gabi sa pangitain, Huwag kang matakot, kundi magsalita ka, at huwag kang tumahimik. Sapagka't ako'y sumasaiyo, at sinoma'y hindi ka madadaluhong upang saktan ka: sapagka't makapal ang mga tao ko sa bayang ito' "
(Gawa 18:9,10)

Ikalawa sa Liham sa mga taga Roma, ang Liham sa mga taga-Corinto ang pinakamahaba sa mga liham ni Pablo.

Ilang linggo lang ang pagitan ng dalawang mga liham. Sa mga ito, makikita ang mga praktikal na payo sa pagresolba sa mahihirap na sitwasyon na dulot ng alitan ng kapatiran.

Upang maunawaan natin ng maayos ang kanilang mensahe, dapat muna nating malaman ang konteksto kung saan sila ay naisulat.





- Ang pagtawag kay Pablo
- Ang pagpunta sa Corinto
- Ang syudad ng Corinto
- Ang mga taga-Corinto
- Ang Liham sa mga taga-Corinto



# ANG PAGTAWAG KAY PABLO

"Si Pablo, na Apostol (hindi mula sa mga tao, ni sa pamamagitan man ng tao, kundi sa pamamagitan ni Jesucristo, at ng Dios Ama, na siyang sa kaniya'y muling bumuhay—" (Galacia 1:1)

Dagdag sa labindalawang pinili ni Jesus, binanggit ng Biblia ang iba pang apostol gaya ni Matias (Gawa 1:26), Barnabas (Gawa 14:4), Santiago at Pablo (1 Corinto 15:7-9).



| | |
|---|---|
| Paano naging apostol si Pablo? | Pinili ni Jesus (Gal. 1:1) |
| Kailan sya pinili? | Mula pa sa sinapupunan ng nanay nya (Gal. 1:15) |
| Kailan sya tinawag? | Sa daan papuntang Damasco (Gawa 22:6-7) |
| Kaninong apostol siya? | Para sa mga Hentil (Gal. 2:9) |



Mula nang siya ay tawagan, nakasentro na ang buhay ni Pablo kay Jesus. Inisip niya si Jesus, nagsalita sya tungkol kay Jesus, ibinahagi nya si Jesus sa lahat.

Dahil dito, sa sandaling dummating sya sa Corinto, si Jesus na ang sentro ng mensahe sa kanila (1 Cor. 2:2).

# ANG PAGPUNTA SA CORINTO




*"Pagkatapos ng mga bagay na ito'y umalis siya sa Atenas, at napasa Corinto"* (Gawa 18:1)

**Sa ikalawa nyang paglalakabay misyonero, nahimok si Pablo ng Banal na Espiritu upang pumunta sa Europa (Gawa 16:6-10). Doon ay pinaalis siya sa Filipos (Gawa 16:12, 38-39), mula sa Tessalonica (Gawa 17:1, 5, 9-10), at mula sa Berea (Gawa 17:13-14).**



**Sa Athens, matapos mangaral sa mga Hudyo sa sinagoga at sa mga Hentil sa palengke, tinawag sya upang mangaral sa Areopago (Gawa 17:16-21). Matapos ang matalinong talumpati, kaunti lang nag tumanggap kay Jesus (Gawa 17:34).**



**Pag-alis sa Athens, pumunta si Pablo sa Corinto at sumama kina Aquila at Priscilla, na kasama nyang gumawa ng mga kubol. (Gawa 18:1-3).**



**Gaya ng kanyang nakaugalian, nagsimula syang mangaral sa mga Hudyo sa sinagoga tapos sa mga Hentil (Gawa 18:4-8). Sa pananatili nya sa Corinto, at matapos ang "pagkadismaya" ng Athens, nagpasya si Pablo na huwag gumamit ng katalinuhan ng tao, ngunit ipangaral lang si "Jesus Kristo, na napako" (1 Corinto 2:2).**

# ANG SYUDAD NG CORINTO

*"gaya nang may maraming mga dios at maraming mga panginoon"*
(1 Corinto 8:5b)



Ang Corinto ay sinira ng Roma noong 146 BC. Pagkatapos, nagpadala si Julius Caesar ng mga beterano at mga tao noong 46 BC. Sa huli, nakabawi ng lubos ang syudad noong 44 BC. Sa pagdalaw ni Pablo, isa nang mahalagang sentro ito ng negosyo.

Ang kahalagahan ng Corinto ay nakabatay sa lokasyon nito, sa Isthmus ng Corinto, sinusuplyan ng dalawang komersyal na daongan: Lechaeum, sa Look ng Corinto; at Cenchreae, sa Look ng Saronic.



Dahil sa pag-iisip na magnegosyo ay gumawa sya ng mga tent. Ngunit ang yaman ng Corinto (na karibal ng Athens) ay may ilang kalugihan.



Puno ang syudad ng idolatry at sexual immorality at naapektuhan pati ang kultura nito. Malimit sa mga mensahe ni Pablo sa mga taga Corinto ay upang subukang burahin ang mga problemang ito na gumagapang sa iglesia.



# ANG MGA TAGA-CORINTO

"At sinabi ng Panginoon kay Pablo nang gabi sa pangitain, Huwag kang matakot, kundi magsalita ka, at huwag kang tumahimik" (Gawa 18:9)





Tinanggihan ng mga Hudio sa Corinto ang mensahe, kaya napilitang umalis si Pablo sa sinagoga at kausapin nalang ang mga Hentil sa kaharap na bahay ng sinagoga (Gawa 18:4-7).

"Ang kasamaang nakita nya sa mga Hentil, at ang paghamak at insultong natanggap nya sa mga Hudio, ay nagpalugmok sa kanya ng lubha. Nagduda sya sa karunungan ng pagtayo ng iglesia gamit ang mga bagay na makikita doon."

(EGW The Acts of the Apostle p. 250).





Sa sandaling iyon, nagpakita si Jesus sa pangitain sa gabi upang pasiglahin si Pablo na magpatuloy sa kanyang gawain sa Corinto, siniguro syang maraming tatanggap sa kanyang mensahe (Gawa 18:9-10).

Napasigla ng pangitain, nanatili si Pablo sa Corinto ng isa at kalahating taon (Gawa 18:11). Sa huli, dinala sya ng mga Hudio sa mga hukuman (Gawa 18:12-13). Sa pag-alis nya sa Corinto, malaking iglesia na ang naitatag (Gawa 18:18).

# ANG LIHAM SA CORINTO

"Sapagka't ipinatalastas sa akin tungkol sa inyo, mga kapatid ko, ng mga kasangbahay ni Cloe, na sa inyo'y may mga pagtatalotalo" (1 Corinto 1:11)

## 1 Corinto 1-6

Sa pagpaalam ni Cloe sa kanya ang ilang problema sa iglesia, pinayuhan sila ni Pablo tungkol sa: pagkakahati; sexual immorality; pag-aaway; at prostitution.

## 1 Corinto 7-16

Nagdala rin sa kanya ng liham ang pamilya ni Cloe na may ilang tanong mula sa iglesia tungkol sa: pag-aasawa; paghihiwalay; pagigignga single; mga pagkaing inalay sa diosdiosan; mga kilos sa pagsamba; paggamit ng espiritwal na kaloob; at ang pagkabuhay na mag-uli.

## 2 Corinto

Ito ang ikalawang liham na naingatan, bagaman marami pang naisulat si Pablo (marahil bago pa ang dalawa na naingatan at/o sa pagitan ng pagsulat ng dalawa). Pinuri nya ang mga tagaCorinto kung paano nila inayos ang ilang problema, ngunit hinimok silang tingnan ang mundo sa lente ng ebnaghelyo, at iwasan ang impluwensya ng nakapalibot na kultura.









“Hindi dapat manlupaypay ang mga mensahero ng Dios sa dakilang mga syudad dahil sa kasamaan, kawalan ng hustisya, kabuktutan, na haharapin nila habang ipinapahayag nila ang ebanghelyo ng kaligtasan. Papasiglahin ng Panginoon ang bawat manggagawa ng parehong mensahe na ibinigay Nya kay apostol Pablo sa masamang Corinto: “Huwag kang matakot, kundi magsalita ka, at huwag kang tumahimik: Sapagka't ako'y sumasaiyo, at sinoma'y hindi ka madadaluhong upang saktan ka: sapagka't makapal ang mga tao ko sa bayang ito.” Gawa 18:9,10... [...] Sa bawat syudad, na marahil puno ng karahasan at krimen, ay maraming matututo sa tamang pagturo na maging tagasunod ni Jesus. Libo-libo ang maaabot ng nakapagliligtas na katotohanan at maakay sa pagtanggap kay Kristo bilang personal na Tagapagligtas.”

EGW (Prophets and Kings, p. 277)